



# Isang Bukas na Liham Para Sa Iyo



Khalid EVARISTO

رسالة مفتوحة لك  
خالد إيفارستو



**ISANG BUKAS  
NA LIHAM  
PARA SA IYO**

ni: KHALID EVARISTO

بِسْمِ اللّٰهِ الرَّحْمٰنِ الرَّحِيْمِ



مركز العناية بالمسلمين الجدد  
**Care Center for New Muslims**  
P.O. BOX 43339 RIYADH 11561  
Tel: 2423008 Fax: 2423001  
[WWW.NEWMUSLIMGUIDE.COM](http://WWW.NEWMUSLIMGUIDE.COM)  
Email: [info@newmuslimguide.com](mailto:info@newmuslimguide.com)

## ISANG BUKAS NA LIHAM PARA SA IYO

### Paunang Salita

Ito ay isang bukas na liham sa lahat ng sangkatauhan mula sa pamayanang Muslim. Kaming mga tagasunod ni Propeta Muhammad ﷺ ay hindi nasasakupan o kumakatawan ng anumang estado o bansa. Hindi namin ipinakikilala ang aming mga sarili mula sa anumang lahi, kulay, o wika. Hindi kami nananawagan tungo sa isang pamamaraang pang-ideolohiya o paniniwalang kami mismo ang nagtagtag. Hindi rin kami naglalayong ipilit sa mundo ang mga pamantayan at kaugaliang nagmumula sa aming kasaysayan at sa aming kakaibang pananaw sa larangan ng kalinangan. Bagkus, kami ay isang pamayanang naghahangad na tawagin ang sangkatauhan tungo sa Dakilang Lumikha at iparating sa kanila ang Kanyang Mensahe.

Hindi namin ipinalalagay na mayroon kaming karapatan sa aming mga sarili na gumawa ng ganitong Mensahe at iharap ito sa sangkatauhan. Ito ay sa dahilang walang sinumang tao ang may kakayahang kumatha ng isang mensaheng sumasakop sa isang tiyak na pangako hindi lamang ng tagumpay dito sa lupa pati na rin ng isang walang-hanggang gantimpala sa kabilang buhay. Walang sinumang tao ang makapagsasabi nang ayon sa sarili niyang pag-iisip: *“Sinumang gumagawa ng kabutihan, lalaki man o babae habang siya ay tunay na nananampalataya, katiyakang ibibigay Namin sa kanya ang mabuting buhay. At katiyakang igagawad Namin sa kanila ang gantimpala ayon sa kahusayan ng kanilang mga gawa.”* (Qur'an-Al Nahl -16:97). Ang pagkatha ng ganito ay nagpapahiwatig lamang ng pag-aangkin ng kabanalan sa kanyang sarili. Tanging ang Makapangyarihang Diyos ang may karapatang mag-angkin ng ganitong kabanalan. Kaya naman, pinaninindigan namin na dapat itakwil ang sinumang nag-aangkin ng kabanalan. Hindi dapat isuko ng sinuman ang sarili sa pagsamba sa kapuwa tao---isang nilikhang katulad niya.

Magkagayon, hindi namin inihaharap sa sangkatauhan ang liham na ito sa kapakanan ng aming namana, ng aming kabihasnan, o ng

aming sarili. Hindi kami naghaharap ng anumang usaping pangkalakalan o pampolitika. Inihaharap namin ang liham na ito bilang isang pamayanang sumusunod sa relihiyon ng Dakilang Lumikha na maliban sa Kanya'y walang tunay na Diyos.

Kami ay tagasunod ng pananampalatayang Islam. Ito ang relihiyong pinili ng Diyos para sa Kanyang mga nilikha, na sa pamamagitan nito'y hinahango Niya ang tao mula sa kadiliman tungo sa liwanag. Sa pamamagitan din nito'y inihahandog Niya sa kanila ang tagumpay dito sa lupa at kaligayahan sa kabilang buhay. Tanging ang Islam ang makapagbibigay ng ganitong pangako sapagka't ito ang relihiyong ipinadala ng Dakilang Lumikha sa Kanyang huling Sugo sa sangkatauhan---si Muhammad<sup>ﷺ</sup>. Sa dahilang ito ang pananampalatayang ipinadala ng Diyos, tinitiyak nito ang kapakanan ng tao. Tanging Siya lamang ang higit na nakababatid kung ano ang makabubuti sa Kanyang mga nilikha. Hindi ba dapat batid Niya ito sapagka't Siya ang Lumikha? Sa Kanya ang pagmamay-ari ng daigdig at ng mga kaganapan dito. Tanging Siya ang may angking kakayahang magkaloob ng gantimpala sa mga mabubuti at magparusa sa mga masasama.

Nakikita namin nang maliwanag ang relihiyong itinatag ng Dakilang Lumikha para sa Kanyang mga nilalang. Sa pamamagitan nito'y ipinakikita Niya nang maliwanag ang landas ng tagumpay na siyang tanging tunay na daan upang makamtan ito. Nakikita rin namin nang maliwanag ang pagkakaroon ng Diyos. Ang sandaigdigan ang siyang malinaw na patunay sa Kanyang pananatili. Ang pagiging kaeksaktuhan at pagkadetalye ng sandaigdigan, at ang kamangha-manghang pagkakaiba-iba ng nilalaman nito ay isang pagpapahayag ng Kanyang kadakilaan at ng Kanyang walang hanggang kaalaman at katalinuhan. Ang sangkatauhan ay patuloy pa ring nagsisikap upang tuklasin ang walang hanggang lihim nito. Hindi mapaniniwalaan na ang sandaigdigan ito ay nilikha nang walang kabuluhan at walang kapararakan. *"Iniisip ba ninyong nilikha Namin kayo bilang laro lamang, at hindi kayo ibabalik sa Amin (upang litisin)?"* (Qur'an-An-Nur-23:115)

Nilikha ng Diyos ang sanlibutan sa isang layunin. Mayroon din namang layunin ang pagkakalikha sa tao, sapagka't ginawaran tayo ng likas na talino at kakayahang mangatwiran, na sa pamamagitan nito'y naging bihasa tayo kaysa sa ibang nabubuhay dito sa mundo. Mayroon ba tayong karapatang ibigay ang kahulugan ng pagkakalikha sa ating sarili samantalang wala tayong kinalaman sa paglikha? Sa dahilang ang pagtatakda ng layunin ay tanging karapatan ng Diyos, maaasahan ba nating malaman kung ano ang layuning yaon sa ganang ating sarili lamang?

Dahil dito, sadyang maliwanag na kailangang ilahad ang layuning ito sa tao. Hindi tayo iniwan ng Diyos nang walang patnubay dahil sa Kanyang kaalaman at habag. Kaya naman, nagpadala ang Diyos ng Kanyang mga Sugo. Ipinarating nila sa atin ang tunay na relihiyon at nagturo sa atin kung papaano makamtan ang tagumpay dito sa lupa at maging sa Kabilang Buhay. Ipinaalam din nila sa atin ang layunin ng ating pananatili at kung papaano natin gampanan ito. Hindi natin kailanman malalaman ang lahat na ito sa ganang ating sarili lamang. Kaya naman, nagiging isang tungkulin sa sangkatauhan na maniwala sa mga Sugo at maging masunurin sa kanila.

Ang layon ng pagpapadala ng mga Sugo ay maliwanag na nasasaad sa Banal na Qur'an : *Mga Sugong nagbigay ng mabuting balita at maging ng babala, na ang sangkatauhan, pagkatapos (dumating) ng mga Sugo'y wala nang maidahilan pa sa Diyos. Sapagka't ang Diyos ay Mataas sa Kapangyarihan, ang Matalino.* (Qur'an-An-Nisa-4:-165)

Ipinahahayag namin na nagpadala ang Diyos ng mga Sugo upang iparating ang Kanyang mensahe. Sina Noah, Abraham, Moises at Hesus ay ilan lamang sa mga Sugong ipinadala Niya. At pagkatapos, ipinadala ng Diyos si Muhammad<sup>ﷺ</sup>. Ang kanyang misyon, magkagayun, ay hindi na bago.

Ang katotohanang ito'y nababanggit nang maliwanag sa Banal na Qur'an: *Pinadalhan ka Namin (O Muhammad) ng inspirasyon, katulad ng ipinadala Namin kay Noah at sa mga Sugong*

*pagkatapos niya; kay Abraham, Ismael, Isaac, Jacob at ang mga Tribu, kay Hesus, Job, Jonah, Aaron, at Solomon. At ibinigay Namin kay David ang Psalmo. Nailahad na Namin sa iyo ang tungkol sa ilan sa mga Sugo, ang sa iba'y hindi. At nakipag-usap nang tuwiran ang Diyos kay Moises. Mga Sugong nagbigay ng mabuting balita at maging ng babala, na ang sangkatauhan, pagkatapos (dumating) ng mga Sugo'y wala nang maidadahilan pa sa Diyos. Sapagka't ang Diyos ay Mataas sa Kapangyarihan, ang Matalino.* (Qur'an-An-Nisa-4:163-165)

Sinumang tumatanggap bilang kanyang panuntunan na ang Diyos ay nagpadala ng mga Sugo sa sangkatauhan ay hindi magtatakwil kay Muhammad $\ddot{\text{x}}$ . Sadyang malayo sa isang taong naniniwala sa Dakilang Lumikha ang magtatakwil sa isang kaisipan na ang Diyos ay nagpadala ng mga Sugo, sa dahilang ipararating ng Diyos sa atin nang may katiyakan ang layunin ng ating pananatili.

Magkagayunman, maaaring may magtakwil sa Mensahe ni Propeta Muhammad $\ddot{\text{x}}$  at magsabing walang sapat na katibayan sa kanyang pagging isang Sugo. Kami ay naninindigan na ang mga katibayan ay nakahihigit pa sa kinakailangan. Sinumang makababatid ng mga katibayang ito ay makikita niya nang maliwanag ang katotohanan ng kanyang pagging Sugo. Ang aming layunin ng pagpaparating ng sulat na ito ay upang ilahad nang maikli ang ilan sa mga katibayan. Inaanyahan namin yaong mga tapat na naghahanap ng katotohanan na maglaan sa kanyang sarili ng karagdagang pananaliksik tungkol dito.

Bago ilahad ito, nais naming iharap ang mga sumusunod na katanungan sa mga taong naniniwala sa mga Sugong dumating bago pa si Muhammad $\ddot{\text{x}}$ : Anong katibayan ang pinanghahawakan ninyo sa pagtanggap sa pagging Sugo nina Moises at Hesus? Nakatitiyak kami na kahit anong iharap ninyo bilang katibayan ay maihaharap din namin ang katulad nito, at ito'y higit na di mapag-aalinlangang mga katibayan sa pagging Sugo ni Muhammad $\ddot{\text{x}}$ . Karagdagan nito, maibibigay din namin nang higit na matataq ang iba't ibang katibayan sa pagging Sugo nina Moises at Hesus

kaysa sa pinagsamang katibayan na kayang iharap ng mga Hudyo at Kristiyano.

Bagaman ang aming iharap ay maikli, naniniwala kami na ito'y sapat na bilang simula sa mga tapat na nagnanais matunghayan ang katotohanan. Ang mensaheng nais naming ibigay sa sangkatauhan ay ang pagiging Sugo ni Muhammad ﷺ, na siya'y isinugo na dala ang relihiyong Islam, at ang Salita ng Diyos na napapaloob sa Banal na Qur'an, sa magkatulad na paraang ipinadala ang Torah kay Moises at ang Ebanghelyo naman kay Hesus.

### **Ang mga Sugo at ang Mensahe**

Ang mga Sugo ay ipinadala lamang upang iparating sa tao ang mensaheng ibinigay sa kanila ng Diyos. Tayo ay nilikha upang sambahin ang Diyos. Magkagayunman, ang ating pagsamba ay hindi makatutulong sa Diyos, bagkus makatutulong sa atin. Pinag-uutusan tayong sumamba sa Diyos upang makamtan natin ang mga biyayang ipagkakaloob bunga ng ating pagsamba sa Kanya.

Sa katunayan, bagaman ang Diyos ang Siyang nagpadala ng mga Sugo, marami sa tao ang lumalayo sa patnubay na kanilang dinala. Hindi lamang nila itinatakwil ang mensahe, pinagsisikapan pa nilang pigilin ito at gumawa ng mga hakbangin laban sa mga nagnanais sundin ang mensaheng ito. Sa mga naunang panahon, ang ilan sa mga taong ito ay humantong sa pagpatay sa mga Sugo ng Diyos. Makatwiran bang isipin na hahayaan na lamang ng Diyos ang mga taong ito at hindi sila papananagutin sa kanilang mga kasamaang ginawa?

Ang ganitong katanungan ay inilahad sa Banal na Qur'an : *Iniisip ba ng mga gumagawa ng kasamaan na itutulad Namin sila sa mga naniniwala at gumagawa ng kabutihan, - na magkatulad ang kanilang kasalukuyang buhay at pagkatapos ng kanilang kamatayan? Sadyang malubha ang ginagawa nilang kuro-kuro. Nilikha ng Diyos ang mga kalangitan at kalupaan nang makatarungan upang ang bawa't kaluluwa'y gantimpalaan ang*

*anumang kanyang ginawa, at ni isa sa kanila'y hindi gagawan ng di-matwid.* (Qur'an-At-Jathiyah-45:21-22).

Dapat nating tanggaping lahat na ang Diyos, sa Kanyang Katalinuhan, ay ginawang pansamantala ang buhay na ito sa daigdig. Itinakda Niya sa atin ang kabilang buhay kasunod ng kamatayan. Sa buhay na yaon kung saan ang paglilitis ay magagaganap. Doon tatanggapin ng mabubuti ang kanilang gantimpala sa pagsunod sa relihiyon ng Diyos, at ipapataw naman sa masasama ang kanilang parusa sa pagtakwil nito.

Ipinahahayag naming pinili ng Diyos si Muhammad $\ddot{\text{s}}$  bilang Kanyang panghuling Sugo, ang siyang wakas sa mahabang kawing ng mga Sugong dumating dito sa balat ng lupa. Pinili ng Diyos ang Islam bilang relihiyon at panuntunan ng buhay hanggang sa katapusan ng panahon.

Matutunghayan sa Banal na Qur'an ang tungkol dito: *Si Muhammad $\ddot{\text{s}}$  ay hindi isang ama ng kahit sino sa inyo, bagkus siya ay Sugo ng Diyos, at ang panghuli sa mga Propeta: at ang Diyos ay may ganap na kaalaman sa lahat ng bagay.* (Qur'an-Al-Ahzab-33:40)

Inilarawan ni Propeta Muhammad $\ddot{\text{s}}$  ang kanyang kaugnayan sa mga naunang mga Sugo ng ganito:

*"Ang aking kaugnayan sa mga Propetang nauna sa akin ay katulad ng isang bahay na itinayo sa isang ganap na pamamaraan, maliban sa isang laryo (brick). Nagsimulang pumasok ang mga tao sa bahay at sila'y humanga dito, subali't sila'y nagsabi: 'Kung hindi lamang sa isang laryong kulang, ganap na sana ito. Ako ang laryong yaon, dumating ako bilang panghuling Sugo'."*

Siya ay nagsabi rin: *"Ako ay isinugo sa lahat ng sangkatauhan, at ako ang pinakahuli sa mga Propeta."*

Kaya naman, kaming mga Muslim ay naniniwala na ang Mensaheng ipinadala sa lahat ng mga Sugo sa lahat ng panahon ang siyang katotohanang mula sa Diyos. Pinaninindigan namin na silang lahat ay nagturo ng magkakatulad na pangunahing panuntunan. Silang lahat ay nanawagan sa Monoteismo (kaisahan sa paniniwala at pagsamba sa iisang Diyos). Nanawagan silang lahat sa walang-hanggang kapangyarihan ng Lumikha na may lubos na pamamahala sa lahat ng nangyayari sa lahat ng Kanyang nilalang. Silang lahat ay nagturo na walang mangyayari sa nilikha nang wala Siyang kabatiran, at walang mangyayari malibang Kanyang pahintulutan. Silang lahat ay nag-anyaya sa tao tungo sa tamang moralidad at nagbawal sa kahalayan at kalaswaan. Ang mga katuruang ito ang humuhubog sa pangunahing batayan ng Banal na Mensahe sa lahat ng panahon.

May pagkakasunod-sunod ang mga Propetang dumating sa tao sa mga nakaraang panahon, sa dahilang pagkamatay ng isang Propeta, ang tao'y madaling lumihis sa kanyang katuruan at sa kanilang pananampalataya. Sa kanilang paglihis ay umabot pa sila sa pagpapalit ng kanilang mga aklat at naghayag sila ng mga katuruang sadyang salungat sa panuntunan ng pananampalataya. Katulad ng kaisipang may kasama ang Diyos sa Kanyang pagkabanal, o maging ang kaisipang may anak ang Diyos. Kailanma't mangyayari ito, nagpapadala ang Diyos ng ibang Sugo upang ibalik muli sila sa katotohanan. Ito ang dahilan kung bakit isinugo si Hesus. Ito rin ang dahilan kung bakit ipinadala si Muhammad ﷺ sa sangkatauhan.

Magkagayun, itinuturing naming kawalan ng saysay ang paniniwala ng sinuman sa mga naunang mga Propeta kung itinatakwil naman niya ang huling Propetang isinugo ng Diyos. Bilang halimbawa, yaong kabilang sa mga Anak ni Israel na nagtakwil kay Moises ay itinuturing na mga di-nananampalataya, kahit gaano man karubdob ang angking paniniwala sa mga katuruan nina Jacob at Joseph. Ang mga taong nagtatakwil kay Hesus ay itinuturing na mga di-nananampalataya gaano man kasidhi ang paniniwala nila kay Moises. Gayundin naman, sinumang magtakwil kay Muhammad ﷺ pagkaraang makarating

sa kanila ang Mensahe ay mga di-nananampalataya, maging sila man ay mga Hudyo, Kristiyano o tagasunod ng iba pang mga paniniwala.

Kasunod nito, ang Banal na Qur'an ay may higit na kahalagahan kaysa sa ibang mga naunang Kasulatan, at pinawalang-bisa ang mga ito kahit na mayroon mang ilang bahagi sa mga naunang Kasulatang ito na umabot sa atin sa kanilang oriinal na pagkakapahayag nang walang anumang pagbabago o pagpapalit. Ipinahayag ang Banal na Qur'an bilang patnubay hindi sa natatanging tao o tribo bagkus sa buong sandaigdigan. Kaya naman, itinuturing naming isang tungkulin bilang mga tagasunod ng pinakahulugan na Propeta na iparating ang relihiyon ng Diyos sa sangkatauhan.

Itinuturing naming isang karapatan ng lahat ng nabubuhay na tao na mapakinggan ang Mensaheng ito. Kailangan silang mabigyan ng pagkakataong maunawaan ito upang limiin at magkaroon ng kalayaang tingnan ang lahat ng aspetto nito. Ang pagsisikap na ating gagawin hinggil sa ating ugnayan sa Diyos ang siyang pinakamahalagang pasiyang magagawa natin sa buong buhay, sapagka't nakasalalay dito ang ating tagumpay sa daigdig at sa Kabilang Buhay.

Dahil dito, pinaninindigan naming walang sinuman ang may karapatan upang pigilin ang tao na mapakinggan ang Mensaheng ito, o pigilin ang tao na bigyan ito ng isang masusing pagsaalang-alang. Pinananatili namin na kailangang iparating ang Mensaheng ito sa tao upang makapagpasiya siya nang malaya laban sa anumang pamimilit.

Inaanyayahan namin ang lahat na mag-isip nang mabuti tungkol sa aming sinasabi sa liham na ito, at saliksikin pa ang mga bagay na nailahad dito upang makapagpasiya nang may kabatiran. Ninanais naming isagawa ang aming tungkuling iparating ang Mensahe nang maliwanag, nang may katumpakan at katapatan.

Pinaninindigan namin na ang Mensahe ng Islam ay siyang katotohanan sa pinakaganap na kahulugan na maaaring iugnay sa kahulugan ng katagang ito, at pinaninindigan naming ito'y galing sa Diyos. Magkagayunman, naniniwala rin kami na ang bawa't tao ay may karapatang maging ganap na malaya sa kanyang pasiya tungkol dito. Katulad ng iba, may kakayahan din kaming mang-hikayat sa anumang aming sinasabi at gawin itong higit na umaayon sa malawak na kaurian ng tao. Maaari kaming gumamit ng mga matatamis na salita at iba pang nakawiwiling pamamaraan upang hikayatin ang tao sa aming nais iparating. Magkagayunman, bagaman iminumungkahi ang ganitong pamamaraan sa ilang bagay na kapakanang pantao, ito ay itinuturing naming isang pagpapabaya sa aming matapat na tungkulin sa Diyos at sa sangkatauhan na gawin ito dito. Naririto kami upang iparating ang Mensahe ng ating Dakilang Lumikha, hindi ayon sa aming sariling kaisipan, palagay at kapakanan.

Ito ay aming tungkulin sa Diyos, sa aming Sugo, at sa lahat ng sangkatauhan na ihayag sa tao ang tungkol sa Sugong may panghuling mensahe. Sinumang maniwala sa Sugong ito ay katunayang naniniwala sa relihiyon na kanyang dala mula sa Dakilang Lumikha, at sinumang magtakwil nito ay kanyang itinakwil ang relihiyon.

### **Sino ang Huling Sugo ng Diyos?**

Pinili ng Diyos para sa Kanyang huling Sugo si Muhammad ﷺ, ang anak ni Abdullah na anak ni Abd’al-Muttalib. Siya ﷺ ay mula sa angkan ng Banu Hashim sa tribo ng Quraysh, ang pinakamarangal na pamilya sa Arabia--- isang lahing nagmula sa mga Propetang sina Abraham at Ismael (sumakanila ang kapayapaan). Siya ﷺ ay kilala sa mamamayan bilang isang huwaran sa kanyang pag-uugali, may matalas na talino at may dugong marangal.

Si Muhammad ﷺ ay isinilang sa Makkah noong Rabi-al-Awwal, isa sa mga buwan sa kalendarong Hegira sa panahon ng 570 A.D. Namatay ang kanyang ama bago pa siya isinilang. Ang kanyang

lolo na si Abd al-Muttalib, na noong mga panahong yaon ay nangunguna sa mga taong mararangal, ang siyang umako sa pag-aaruga sa kanya.

Namatay ang kanyang ina nang siya ay anim na taong gulang. Pagkaraa'y yumao rin ang kanyang lolo. Ang kanyang amaing si Abu Talib ang nagpalaki sa kanya. Ganoon na lamang karubdob ang pagmamahal ng kanyang amain sa kanya. Bilang isang bata, si Muhammad<sup>ﷺ</sup> ay nagpastol ng mga tupa. Sa kanyang paglaki, sumama siya sa kanyang amain sa pangangalakal.

Natamo niya ang paggalang ng kanyang bayan. Kinilala siya sa kanyang kagandahang-asal, sa kanyang marangal na kilos, walang kapintasang ugali, katapatan at hindi mapasubaliang pagkamakatarungan. Siya'y iginagalang sa kanyang pagiging maginoo, maunawain at sa matalas na katalinuhan.

Pinangalagaan siya ng Diyos laban sa mga nakasusuklam na kaugalian at idolotriya ng kanyang bayan na lubog sa kamangmangan. Ang mamamayan ay dating sumusunod sa mone-teismong relihiyon ni Abraham at Ismael, subali't nang maglao'y naglagay sila ng pagbabago sa kanilang relihiyon --- katulad ng katiwaliang ginawa ng tao sa mga kapahayagang ipinadala kina Moises at Hesus.

### **Si Muhammad<sup>ﷺ</sup> - ang Propeta**

Noong taong 610 AD, nang si Muhammad<sup>ﷺ</sup> ay umabot na sa apatnapung taong gulang, nagsimula siyang mapag-isa. Siya'y nagtutungo sa isang yungib sa labas ng Makkah at sumasamba sa Diyos. Hindi niya nababatid na sa mga panahong yaon siya'y inihahanda ng Diyos tungo sa isang napakalaki at dakilañg tungkuling itinakda sa kanya.

Sa buwan ng Ramadan sa taon ding yaon habang siya'y nag-iisa sa yungib, nagpakita sa kanya si Anghel Gabriel na may dalang Payahayag mula sa kanyang Panginoon, katulad ng pagdating ng

Anghel sa mga naunang mga Sugo. Nagbasa si Gabriel ng ilang talata mula sa Qur'an. Ito ang kauna-unahang pagkakataong mapakinggang muli ang Salita ng Diyos sa mahabang panahon pagkaraang lumisan si Propeta Hesus.

*Basahin (Ipahayag)! Sa Ngalan ng iyong Panginoon na lumikha, na lumikha sa tao mula sa namumuong bagay. Ipahayag! At ang iyong Panginoon ay ang Mapagkaloob. Siya na nagturo (sa paggamit) ng panulat, na nagturo sa tao (sa mga bagay) na hindi niya nalalaman.* (Qur'an-'Alaq – 96:1-5)

Ang mga talatang ito ang naging hudyat ng pananampalataya ng kaalaman, ng kalinangan, at ng kabihasnan. Ang unang pag-uutos ay "Basahin" at binigyang-diin ang paggamit ng panulat, sa dahilang ang pagbasa at pagsulat ay dalawang kahusayan na nagbigay sa tao ng kakayahang matuto, magturo at magtayo ng kanilang kabihasnan.

Ang mabilis na pangyayari ay nagbigay ng labis na takot kay Propeta Muhammad ﷺ. Bumalik siya sa kanilang tahanan at inalalayan siya ng kanyang asawa, na nagbigay-tiwala sa kanya na hindi pababayaan ng Diyos ang isang taong katulad niya na nangangalaga sa kanyang kamag-anakan, tumutulong sa mga dukha at nangangailangan, mapagbigay sa kanyang mga panauhin, at handang tumulong sa mga kapus-palad.

Pagkaraa'y binigyang-sigla siya ni Waraqah bin Nawfal na kabilang sa kanilang angkan na sadyang maalam sa mga naunang relihiyon. Tiniyak niya kay Muhammad ﷺ na siya ang hinihintay na Propetang darating na nakatala sa mga naunang Kasulatan.

Nagpatuloy ang pagdating ng mga pahayag kay Muhammad ﷺ na pawang mga talata mula sa Qur'an. Kabilang sa mga talatang ito ay nag-uutos sa kanya na iparating ang Mensahe sa iba at magtiis sa mga panlalait ng tao na kanyang mararanasan sa pagsagawa nito. Noong una'y patagong ipinararating niya ang Mensahe. Yaong mga nakakakilala sa kanya'y kaagad na tinanggap ang

Islam, sapagka't batid nila nang higit kaninuman, na matapat, mapagtitiwalaan at matalino si Muhammad. Batid din nila kung gaano kalinis ang kanyang pamumuhay. Kabilang sa mga naunang naging Muslim ang kanyang asawang si Khadijah, ang matalik niyang kaibigan na si Abu Bakr, at ang kanyang pinsan na si Ali, ang anak ni Abu Talib.

Pagkaraan nito'y ipinahayag niya ang kanyang Mensahe nang lantaran sa mga pamilihan at iba pang mga pook na pinagtitipunan ng taong-bayan. Nag-anyaya siya tungo sa Islam, binabasa ang Qur'an. Hinikayat silang maniwala sa Diyos lamang at huwag sumamba maliban sa Kanya. Siya'y nagsalita laban sa kasamaan ng idolatriya at ang kasinungalingan ng kanilang paniniwalang ang Diyos ay may kasama at mga anak. Tinawagan din silang mamuhay nang malinis, at siya'y nagsalita laban sa mga imoral na kaugalian. Hinimok sila tungo sa katapatan, kabutihang-loob, katarungan, habag, at pagpapatawad. Tinuruan silang tumupad sa mga pangako, maging mapagpakumbaba at magkaroon ng malinis na pamumuhay. Gayundin, binigyang-diin niya ang paggalang sa magulang, ang pagiging mapagkawanggawa, at ang pagtulong sa mga mahihina at inaapi.

### **Ang Kalupitang Dinanas ng mga Muslim.**

Bagaman dumarami sa araw-araw ang kanyang mga tagasunod, gayundin naman ang kanyang mga kaaway na sadyang masidhi ang kanilang pagkapoot sa dala niyang Mensahe. Sa pangamba nilang marami pang tao ang tatanggap nitong bagong panampalataya, nagsimula silang magsinungaling tungkol sa kanya: tinawag siyang isang salamangkero, isang manghuhula at isang makata. Naging matindi at marahas ang mga nangyayari kaya napilitang tumakas at dumayo ang marami sa mga tumanggap ng Mensahe patungong Ethiopia (Abysinia noon).

Ang mga di-nananampalataya sa Makkah ay naglagay ng isang mahigpit na pag-aklas (boycott) laban sa mga Muslim at sa sinumang magtangkang tumulong o magtanggol sa kanila. Walang sinumang hinayaang bumili o magbenta ng anuman sa kanila.

Walang sinumang pinahintulutang mag-asawa sa isa man sa kanila. Sila'y namalagi sa isang maliit na pook ng Makkah. Ang pag-aklas ay tumagal ng tatlong taon na sadyang napakatindi na ang Propeta ﷺ at ang mga tagasunod niya ay napilitang kumain ng dahon ng mga punongkahoy at mga buto ng hayop.

Sa kabilang mga pang-aapi, pang-aalisputa, pangungutya at pagpaparusang isinagawa ng mga di-nananampalataya ng Makkah, wala nang higit pang nakapagbigay-lungkot sa Propeta ﷺ kaysa sa kanilang pananatili sa kawalan ng paniniwala sa Diyos. Ang Diyos ay nagpahayag sa Qur'an tungkol sa katayuan ng Propeta ﷺ sa mga panahong yaon.

*At marahil nais mong kitlin ang iyong sarili sa pighati. Ikaw ay nalulungkot ng dahil sa kanila, kung hindi sila maniwala sa Mensaheng ito. (Qur'an-Al Kahf-18:6)*

Sa Qur'an, siya ay binigyang-sigla ng Diyos na nagsabing ang kanilang pagtakwil ay hindi sanhi ng kawalan ng paniniwala, kundi ang kanilang pagmamalaki at kamangmangan na pumipigil sa pagtanggap nila sa pananampalataya. Sinabi ng Diyos na ganito ang landas na laging nangyayari sa tuwing may darating na Sugo.

*Katotohanan, batid Namin ang lungkot na iyong nadarama sanhi ng kanilang mga salita. Hindi ikaw ang kanilang itinatakwil bagkus ang mga Tanda ng Diyos ang itinatakwil ng mga makasalanan. Tunay na maraming Sugong itinakwil na nauna sa iyo, at sila'y naging matiisin sa kabilang ng pagtakwil at pang-aapi hanggang sa datnan sila ng Aming tulong. Walang sinumang makapag-iiba sa Salita ng Diyos. Nakarating na sa iyo ang ilan sa mga magagandang balita ng mga Sugong Aming ipinadalang nauna sa iyo. (Qur'an-Al-An'am-6:33-34)*

Ginawa ang lahat ng kanyang bayan upang pigilin siya sa kanyang pagpapalaganap ng Mensahe. Sinubukan nila ang pagmamalupit at labis na pagpapahirap sa kanya. Humingi ng mga himala sa

kanya, at nang maganap ang mga milagrong ito'y nagpatuloy silang humingi at inakusahan siyang isang salamangkero.

Nanatili pa ring matiisin at matatag ang Propeta ﷺ. Nagpatuloy siyang nagpakita ng habag sa mga nang-aapi sa kanya, sa pag-asang pumasok sa kanilang puso ang pananampalataya. Kailanma'y hindi hinungi sa Diyos na magbaba ng parusa sa kanila.

Namatay kapuwa ang kanyang asawa na si Khadijah at ang kanyang amain sa panahon ng pag-aklas (boycott). Sila ang naging malakas niyang tagataguyod. Si Khadijah ang unang taong naniwala sa kanyang Mensahe. Tinulungan siya ng mga mabuting payo at maging sa pananalaping pangangailangan. Ginamit naman ni Abu Talib ang kanyang malaking impluwensiya at marangal na pangalan sa tribo upang ipagtanggol ang kanyang pamangkin. Ang kanilang pagpanaw ay labis na ikinalungkot ng Propeta ﷺ at lalo pang lumakas ang pangmamalupit ng kanyang mga kalaban.

Nagsimulang lumapit ang Propeta ﷺ sa ibang mga tribong Arabo na nagtutungo sa Makkah at inaanyayahan sila sa Islam. Wala siyang natamo kundi pagtanggi, sapagka't napakalakas ng sarili niyang tribo sa pagkalat ng kanilang mga kasinungalingan sa tao bago pa magkaroon ng pagkakataon ang Propeta ﷺ na makalapit sa kanila.

### **Ang Paglikas Patungong Madinah mula sa Makkah**

Nanatili sa ganitong kalagayan ang Propeta ﷺ sa loob ng sampung taon na hindi nakasumpong ng pagtaguyod mula sa anumang tribong Arabo. Nang dumating ang panahon ng peregrinasyon, nilapitan siya ng mga delegasyon mula sa tribo ng al-Aws at al-Khazraj na naninirahan sa lungsod ng Madinah na ang layo sa Makkah ay humigit sa 400 kilometro. Inilahad ng Propeta ﷺ sa kanila ang Islam at tinanggap nila ito. Sila'y nanumpa ng kanilang katapatan sa kanya batay sa Mensaheng kanyang dinala mula sa kanilang Lumikha. Matapos ang kanilang peregrinasyon, nagbalik

sila sa Madinah at nagsimulang tawagin ang kanilang mamamayan sa Islam nang matagumpay. Sa mga sumunod na taon, isang higit na malaking delegasyon ang nagsadya sa Propeta ﷺ upang tanggapin ang Islam at nanumpa ng kanilang pagtangkilik.

Ipinag-utos ng Propeta ﷺ sa kanyang mga tagasunod sa Makkah na magtungo na sa Madinah upang kanilang matakasan ang pagmamalupit na sadyang mahirap na nilang tiisin, at upang malaya nilang isagawa ang kanilang relihiyon. Nagtungo rin sila doon upang turuan ang kanilang mga bagong kapatid sa pananampalataya tungkol sa Islam at upang manawagan sa iba tungo dito.

Ito ang ikatlong pagkakataong lumikas ang mga Muslim mula sa Makkah. Ang unang dalawa'y napilitan ang ilang Muslim na lumikas patungong Ethiopia. Silang lahat ngayon ay nagtungo na sa Madinah.

Iniwan ng mga Muslim ang minamahal nilang bayan, nilisan ang kanilang tahanan, pamilya at ari-arian. Nagpakasakit silang iniwan ang makamundong bagay upang magkaroon ng pagkakataong mamuhay ayon sa kanilang pananampalataya, magbigay kasiyahan sa kanilang Panginoon, at matamo ang kaligtasan at mga gantimpala sa Kabilang Buhay.

Kailangan nilang patagong lisanin ang Makkah nang nag-iisa o sa maliliit na pangkat sapagka't layunin ng mga di-nananampalataya sa Makkah na pigilin sila. Batid ng mga taga-Makkah na ang kahihinatnan ng paglikas ay ang pagtataug ng isang lipunan sa Madinah na batay sa Islam.

Pagkaraang lumikas ang halos lahat ng Muslim sa Madinah, pinahintulutan ng Diyos na gawin na rin ito ng Propeta ﷺ. Labis na ikinabahala ng mga taga-Makkah ang kanyang pagnanais na lumikas at ginawa nila ang lahat ng kanilang makakaya upang pigilin siya. Umabot pa sa pasiyang nais siyang patayin nang pataksil. Magkagayunman, pinangalagaan siya ng Diyos at

binigyan ng pagkakataong lisanin ang Makkah kasama ng kanyang matalik na kaibigan si Abu Bakr.

Kanilang sinapit ang karatig-pook ng Madinah na tinaguriang Quba, sa umaga, araw ng Lunes, ika-12 ng buwan ng Rabi al-Awwal (September 20, 622 AD). Sinalubong sila ng mga Muslim doon, kapuwa mga nagdayuhan at ang mga katutubong al-Aws at al-Khzraj. Nalaman na nila ang paglisan ng Propeta kasama si Abu Bakr mula sa Makkah at sila'y naghintay nang may panabik sa kanilang pagdating. Ang araw ng kanilang pagdating ay mahalaga at makasaysayan sa mga Muslim. Ang taon ng kanilang paglikas ang siyang naging simula ng kalendarong Hegira ng mga Muslim.

Ang unang bagay na ginawa ng Propeta sa pagsapit sa Madinah ay magtayo ng Masjid at ng kanyang bahay sa tabi nito. Ipinag-utos niya sa kanyang mga kasama na huwag gawing marangya ang pagtatayo ng Masjid at ng kanyang bahay, bagkus gumamit ng luwad katulad sa ginawang tirahan ni Moises. Tumulong ang Propeta<sup>6</sup> kaagapay ng kanyang mga kasamahan sa pagtatayo, nagdadala ng mga laryong gawa sa luwad at inilalapat ito.

Ang pamayanang Islamiko ay naitatag sa Madinah. Ang Adhan (pagtawag sa pagdarasal) ay unang itinawag mula sa Masjid, na siyang hudyat ng pagkatatag ng isang bansang nagbibigay kasiyahan sa Panginoon. Ang Adhan ay nakaugnay sa Salaah (Pagdarasal), ang isa sa limang haligi ng relihiyong Islam. Ang unang haligi ng Islam ay pagsaksi na walang tunay diyos na dapat sambahin maliban sa Allah (ang Dakilang Lumikha), at si Muhammad<sup>7</sup> ay Sugo ng Allah. Ang pangalawa'y ang Salaah (pagdarasal), at ang iba'y Zakat (Kawanggawa), Sawm (Pagaayuno), at ang Hajj (peregrinasyon) sa Makkah.

Hindi naglaon pagkaraan ng kanyang pagdating, halos lahat ng mga nananahanan doon na hindi pa yumakap sa Islam ay tuluyan nang pumasok sa pananampalataya. May dalawang pangkat na hindi tunay na yumakap sa Islam. Ang una sa kanila ay mga mapagkunwari na hayagang yumakap sa Islam habang lihim na

may taglay ng di-paniniwala sa kanilang mga puso. Itinago nila ang kanilang kawalan ng pananampalataya dahil sa lakas ng Islam subali't gumagawa ng lahat ng patagong pagpupunyagi laban dito. Bagaman kaunti ang kanilang bilang, sadyang mapanganib sila sa mga Muslim. Para silang nakatagong sakit na lagi nang handang makianib sa mga kalaban ng mga Muslim, bilang mga maniniktik at pinagmumulan ng katalusan sa galaw ng mga Muslim.

Ang ibang pangkat ng mga di-Muslim ay mga tribong Hudyo na nananahanan sa Madinah. Nakikilala nila kung sino ang Propeta<sup>4</sup> at wala silang alinlangan na siya ang huling Sugo ng Diyos sa dahilang nababasa nila ito sa kanilang mga Kasulatan. Gayunpaman, sila'y natigagal na ang Sugong ito ay nanggaling sa lahi ni Ismael sa halip na magmula sa kanilang sariling lahi. Ang turing sa kanilang mga sarili'y mga "tanging-pili" ng Diyos at ang lahat ng ibang tao ay nararapat lamang mapailalim sa kanila. Samakatuwid, ipinagwalang-bahala nila ang mga katangian ng Propeta<sup>4</sup> na matatagpuan sa tangan nilang mga Kasulatan. Gayundin ang kanilang pagpapawalang-bahala sa katotohanang mapipilitan silang tanggapin ang Propetang pinili ng Diyos kahit ano pang tribo siya nabibilang o kung anong lahi siya nanggaling. Nagkulang din sila ng pang-unawa na walang kinalaman sa tribo ng Sugo at ang kanyang pandaigdigang Mensahe na ipinadala sa lahat ng sangkatauhan nang walang pagtatangi batay sa kulay, lahi o wika. Dahil sa pagging panatiko, inggit at poot, ang mga Hudyo ay naging lubhang masigasig na kaaway ng Islam, maliban sa iilan sa kanila na ang mga mata at puso'y bukas sa katotohanan kaya yumakap sa Islam, hinanap ang mabuti dito sa mundo at maging sa Kabilang Buhay.

Ang lahat ng ito'y nangangahulugan lamang na ang mga sagabal sa paghahatid ng Mensahe ay hindi nagtigil pagkaraang lumikas ang mga Muslim sa Madinah. Ginawa pa rin ng mga taga-Makkah ang kanilang makakaya upang supilin ang Islam. Tinutulungan sila ng mga mapagkunwari at mga Hudyo sa Madinah. Sa kabilang dako, ang Propeta<sup>4</sup> ay hindi natinag sa kanyang pagnanais na mapatnubayan at iligtas ang mga taong ito. Ginawa niya ang lahat

upang ituwid sila, ipinakita ang marubdob na habag at kaalaman sa pagsagawa nito. Inilahad niya ang mga katwiran na ipinahayag ng Diyos sa kanila at pinagtibay ng mga himala na ibinigay ng Diyos sa kanyang kamay.

Dahil sa patuloy na pananalakay na ginawa laban sa mga Muslim, naramdaman nilang panahon na upang pahintulutan silang ipagtanggol ang kanilang mga sarili. Pagkatapos nilang dumating sa Madinah, higit silang nagkaisa at malakas kaysa noong una. Sa labing-tatlong taon nilang pagtitiis sa parusa ng mga taga-Makkah noon, hindi sila pinahintulutang gumanti sa kanilang mga kaaway maging isang daliri lamang, kahit na sila'y pinagpapatay pa. Batid nilang may mangyayaring labanan sapagka't nalalaman nila sa kasaysayan na ang mga taong nasa kasinungalingan ay hindi magpapabayang magkaroon ng kapayapaan ang mga taong nasa katotohanan. Ang mga taong nasa katotohanan ay walang nagawa kundi ipagtanggol ang kanilang mga sarili. Batid din nila ang kanilang tungkuling ipalaganap ang katotohanan sa mga mangmang tungkol dito na maaaring tanggapin sa sandaling matāman nila ito. Hinggil naman sa katotohanan, alam nilang ito ay itinataguyod ng Diyos, sa dahilang sinabi Niya:

*Nais nilang supilin ang Liwanag ng Diyos sa kanilang mga bibig, subali't bibigyan ng kaganapan ng Diyos ang Kanyang Liwanag kahit pa man din kasuklaman ito ng mga di-nananampalataya. Siya ang nagpadala ng Kanyang Sugo nang may patnubay at ang relihiyong tunay, upang Kanyang ipahayag ito nang higit sa ibang relihiyon, kahit na ang mga sumasamba sa mga diyus-diyusan ay kapootan ito. (Qur'an-At-Taubah-9:32-33)*

### **Ang Pahintulot sa Paglaban**

Pagkaraan ng paglikas ng mga Muslim sa Madinah mula sa Makkah, pinahintulutan ng Diyos ang mga Muslim na maki-paglaban. Ang pahintulot na ito ay inihayag sa maliwanag na paraan mula sa maraming talata sa Qur'an na nagpapakita ng katarungan sa likod ng pagpahintulot na lumaban. Binigyang-linaw na ang dahilan ng pahintulot ay ang pagdurusa ng mga

Muslim sa pananalakay, at patuloy silang nagtitiis bagaman hindi dapat mangyari ito sa kanila dahil lamang sa pagsasabi ng “walang tunay na diyos na dapat sambahin maliban sa Allah.” Hindi sila gumanti kahit na isang daliri bagaman sila ay nasa tama. Pagkatapos maitatag ang katarungan sa kanilang karapatang lumaban, ang Qur'an ay nagpatuloy na nagsabi na ang labanan sa pagitan ng katotohanan at kasinungalingan ang siyang likas na katayuan nitong mundo, at ito ay hindi na bago sa kasaysayan. Ipinag-utos din kina Moises, Joshua, David, Solomon, at marami pang Propeta ang pakikipaglaban sa kanilang mga kaaway. Ito ay isang pananaw ng pananampalataya na batid nating ginawa ng mga Hudyo, Kristiyano at Muslim, sa dahilang ito ay nakalahad sa Torah at sa Ebanghelyo na binabasa ng mga Hudyo at Kristiyano hanggang sa mga araw na ito. Higit sa lahat, ang layunin ng pakikipaglaban ay upang ang Mensahe ng Diyos ay malayang lumaganap sa daigdig. Ito ay winakasan ng pagsasabi na ang lahat ng Propeta ay dumanas ng magkatulad na pagtakwil at pagpigel, at ang tagumpay ay nakamit nila sa bandang huli.

*Ang pahintulot sa paglaban ay ipinagkaloob sa mga (taong) sinasalakay dahil sila'y api, at katiyakan kaya silang tulungan ng Diyos; silang itinaboy sa kanilang mga tahanan nang walang anumang makatarungang dahilan maliban sa pagsasabi ng 'Ang aming Panginoon ay ang Allah'. At kung hindi sa pagsupil ng Diyos sa tao ng ibang tao, tunay ang mga monesterio, simbahan, sinagoga at mga masjid na kung saan ang pangalan ng Diyos ay lagi nang naaalaala, ay nagiba ng lahat. At katiyakan, tutulungan ng Diyos yaong tumutulong sa Kanyang layunin; tunay, ang Diyos ay Malakas, Makapangyarihan. Aming itinatag sila sa lupain na patuloy sa kanilang pagdarasal, at pagbibigay ng kawanggawa, at nag-uutos sa kabutihan at nagbabawal sa kasamaan, sa Diyos ang hantungan ng mga bagay. Kung kayo ay kanilang itakwil, gayundin ang nangyari sa mga taong nauna. Ang angkan ni Noah, Ad, Thamud at ang angkan ni Abraham at Lot, at yaong nananahanan sa Midian. At si Moises ay itinakwil din; subali't hinahayaan Ko ang mga di-nananampalataya ng kaunting panahon, at Akin silang lulupigin, at kay sama ng Aking pagtakwil sa kanila. (Qur'an--Al-Hajj-22:39-44)*

Ito ang mga kaganapan sa pagpapahintulot ng Jihad (paki-kipagbaka). Ang mga talatang nabanggit ay ipinahayag sa pagpapahintulot. Matutunghayan mula sa mga talatang ito na ang Jihad ay mangyayari lamang upang ang tao ay maipagtanggol ang kanilang mga sarili laban sa kasinungalingan at maging malaya sa pagpapalaganap ng katotohanan.

May dalawang dahilan lamang ang Jihad (Pakikipagbaka sa Landas ng Diyos). Una, upang ipagtanggol ang di-maikakait na karapatan ng tao. Kabilang dito ang buhay, relihiyon, dangal, yaman, at bayan. Walang sinuman ang makatututol sa matuwid at katarungan ng mga karapatang ito maliban sa mga taong nagnanais na alipinin ang iba at ipagkait ang kanilang karapatan. Pangalawa, upang ipalaganap ang Mensahe ng katotohanan sa mga taong hinahadlangang marinig ito. Isang tungkulin ng isang bansang naitatag sa katotohanan na tiyakin ang ibang magkaroon ng karapatang marinig ang Mensahe. Sa kabilang dako, ang bansang naitatag sa kasinungalingan ay ginagawa ang lahat ng makakayanan upang pigilin ang katotohanang sila mismo'y batid nilang mula sa Diyos. Itinatakwil nila ang katotohanang ito dahil sa pagmamalaki at di nila nais umunlad ang bansang naitatag sa katotohanan o ipalaganap ang Mensahe hangga't mayroon silang kakayahang pigilin ito. Ito ay sapagka't alam nilang sila'y nasa kasinungalingan at ang kanilang kasinungalingan ay hindi mananatili kapag nailantad ng liwanag ang katotohanan. Kaya naman, tinitiyak nilang hindi makarating sa tao ang Mensahe ng katotohanan, natatakot na marami sa kanila ang tatanggap nito. Sa ganitong kalagayan, naaging isang tungkulin sa isang bansang naitatag sa katotohanan na harapin yaong pumipigil sa katotohanan at tiyaking ang tao ay malayang malaman ang tunay na relihiyon ng Diyos.

Ang pananakop ng Islam ay hindi kailanman ginawa upang pilitin ang tao na palitan ang kanilang relihiyon. Bilang mga Muslim, naniniwala kami na maling gawin ito. Naniniwala kaming mali ang pamimilit sa tao na tanggapin ang Islam katulad din naman na

kamalian sa ibang bansa na pigilin ang pagpaparating ng Mensaheng ito.

Ipinagbabawal ng Islam sa amin ang pamimilit sa tao na lisanin ang kanilang pananampalataya. Hindi ito nangangahulugang tina-tanggap naming tama ang ibang pananampalataya. Naniniwala kami na ang lahat ng relihiyon bukod sa Islam (pagsunod sa kalooban ng Diyos) ay pawang hindi dapat tanggapin. Magkagayunman, hindi mapipilit ang taong palitan kung ano ang paniniwala niya sa kanyang puso. Ang pagbubuyo at pamimilit sa tao ay hindi mga paraan upang makamtan ang pananampalataya. Makukuha lamang ang tunay na pananampalataya sa pamamagitan ng pansariling paniniwala; kaya naman, ang tao ay dapat na maging malaya sa pagpili ng paniniwalaan. Dapat siyang magkaroon ng pagkakataong suriin at isipin ang mga katibayan at gumawa ng pasiya batay sa kaalaman.

Ang mga kilusang nangyari sa Islam ay laban lamang sa mga bansang pumipigil sa kanilang nasasakupang tao na marinig ang tungkol sa Islam o pumipigil sa kanilang tanggapin ito. Ang layunin ng Jihad sa ganitong kalagayan ay bigyan lamang ang tao ng daan upang malaman ang Mensahe at bigyan sila ng pagkakataon upang gawin ang sariling pasiya sa isang paligid na may kalayaan sa pananampalataya nang walang anumang panggigipit ng sinuman. Ito ang kahulugan ng talatang: *At makipaglaban hanggang sa mawala ang pagmamalupit, at ang relihiyon ay sa Allah. Subali't kung sila'y maglubay, magkagayon tunay na nakikita ng Allah ang kanilang ginagawa.* (Qur'an-Al-Anfal-8:39)

Ang saklaw na alituntunin sa ganitong usapin ay mahusay na ipinaliwanag sa mga sumusunod na talata sa Qur'an:

*Walang sapilitan sa relihiyon. Katotohanan, mangingibabaw ang katotohanan sa kasinungalingan. Kaya sinumang' nagtakwil sa kasamaan at naniwala sa Diyos ay tangan ang pinakamaaasahang hawakan na hindi kailanman mapapatid. At dinig at batid ng Diyos ang lahat ng bagay. Ang Diyos ang Siyang*

*tagapagtanggol ng mga mananampalataya. Kanyang gagabayang sila mula sa dilim tungo sa liwanag. Yaong nagtatakwil ng pananampalataya ay mga tagatangkilik ng mga masasama. Kanilang aakayin sila mula sa liwanag tungo sa kailaliman ng kadiliman. Sila'y mga panggatong sa Apoy, mananahanan sila roon.* (Qur'an-Al-Baqarah-2:256-257)

Sadyang malinaw sa mga talatang ito na walang bahagi ang pamimilit sa pagtanggap ng tao sa pananampalataya. Gayundin, ipinaliliwanag din nito na ang kawalan ng pamimilit ay dahil sa maliwanag ang katotohanan. Magkagayon, ang malayang pagpili ay magagawa lamang kung naroroon ang dalawang pagpipilian. Upang piliin ng tao ang katotohanan, ang Mensahe ng katotohanan ay nararapat lamang lapitan nang malaya. Kapag hindi ginawang maliwanag ang katotohanan, magkagayo'y walang tunay na pagpipilian na maaaring gawin. Sa mga katayuan na ang tao ay hinahadlangang makita ang katotohanan, sila'y pinipilit sa kanilang pananampalataya kahit na hindi nila ito namamalayan.

### **Ang mga Labanan ng Propeta**

Nangyari ang unang labanan sa pagitan ng katotohanan at kasinungalingan mga isang taon at kalahati makaraang lumikas ang mga Muslim sa Madinah mula sa Makkah. Naganap ang labanan sa Badr, mga 155 kilometro sa gawing-timog ng Madinah.

Upang maunawaan ang dahilan ng digmaan, dapat nating malaman na noong umalis ang mga Muslim patungo sa Madinah, sinamsam ng mga taga-Makkah ang kanilang mga yaman at ari-arian. Idinagdag ito sa kanilang mga ari-arian at ang malaking bahagi nito ay isinama sa kanilang kalakal upang ipagbili sa taunang pangangalakal sa Syria. Dapat din nating tandaan na marami pang mga Muslim na nasa Makkah ang hindi makalikas at patuloy pa ring nagdurusa sa matinding pagmamalupit.

Ang Madinah, na kung saan ang mga Muslim ay naging isang pinagbuklod na lakas, ay napakalapit sa daanang-pangkalakalan sa pagitan ng Makkah at Syria. Nakita ng Propeta ﷺ na ito ay

angkop sa pag-atake sa kanilang kabuhayan sa pamamagitan ng pagsalakay sa napakahalagang daanang-pangkalakalan, kasabay ng pagkuhang muli ng mga ari-arian ng mga Muslim na sinamsam sa kanila sa Makkah. Kung kanilang matuturuan ang mga taga-Makkah ng aral, at ilantad sa kanila na madaling lusubin ang pinanggagalingan ng kanilang kabuhayan, marahil ay magpipigil sila sa mga di-makatarungang pang-aapi na ginagawa pa rin nila laban sa mga Muslim.

Nang malaman ng Propeta ﷺ na ang mga mangangalakal na taga-Makkah ay malapit na sa Madinah sa kanilang pagbalik mula sa pangangalakal sa Syria, ipinag-utos niya sa kanyang mga kasama na humayo at harapin sila. Subali't nalaman ng mga taga-Makkah ang balak ng mga Muslim at sila'y lumihis ng daraanan sa tamang panahon. Nang makarating sa Makkah ang balita, hindi nila ito nagustuhan. Kanilang inisip na isang insulto sa kanila ang pagtatangka ng mga Muslim na bawing muli ang kanilang ari-arian. Hindi hinayaan ng mga taga-Makkah na makabalik muna ang mga mangangalakal, sila'y nagtipon ng mga mandirigma upang harapin ang mga Muslim.

Ang Propeta ﷺ at ang mga kasama niya ay nanatili sa Badr nang malamang sumusugod ang mga taga-Makkah. Napakarami ng mga mandirigmang taga-Makkah at sila'y lumusob nang buong lakas at tatac. Bagaman labis ang kahigtan nila sa bilang kaysa sa mga Muslim, hindi mapag-aalinlangang nagapi at natalo sila. Ito ang unang tagumpay sa digmaang pangmilitar ng Islam.

Makaraan ang isang taon, nagtipong muli ang mga taga-Makkah ng isang puwersa upang tuwirang lusubin ang Madinah at kanilang maipaghiganti ang kanilang pagkatalo sa Badr. Hinarap ng mga Muslim ang mga lumulusob na taga-Makkah sa Uhud. Tatlong beses ang kahigtan ang bilang ng mga taga-Makkah sa mga Muslim. Sa una'y mágaaan silang naitaboy ng mga Muslim, subali't sa bandang huli'y maraming mga Muslim ang napatay ng mga taga-Makkah, na pagkaraa'y humayo patungo sa kanilang lungsod.

Ito ay isang aral sa mga Muslim: Na ang mga taong makatotohanan ay maaaring humantong sa pagkatalo. Maaaring matandaan ang kalupitang dinanas ng mga naunang mga Kristiyano sa mga kamay ng mga paganong Romano noong bago pa sumisibol ang Kristiyanismo. Sila'y linibak at pinaratangan nang may labis na kabuhungan. Ginamit ng mga Romano ang napakalaki nilang yaman at ang pamunuan ng bansa upang bigyang-katárungan ang kanilang kalupitan. Ang ganitong pangayari ay hindi nagawang patunayang tama ang relihiyon ng mga Romano o ipakitang mali ang pananampalataya ng mga naunang Kristiyano. Dapat din nating tandaan na nakaranas din ng pagmamalupit ang mga Hudyo sa mga kamay ng Pharoah.

Ang kahinaang nakita sa mga Muslim sa Uhud ay nagbigay sigla sa kanilang mga kaaway sa Arabia. Marami sa mga Muslim na dumayo sa iba't ibang tribo ng buong Arabia upang iparating ang Mensahe ng Islam ang pinagpapatay.

Sa panahon ding ito, ang mga tribong Hudyo ng Banu al-Nadir ay pinutol ang kanilang kasunduan sa mga Muslim at sila'y naging laban sa kanila. Nakayanang sugpuin ng mga Muslim ang bantang ito sa loob ng Madinah at nilusob nila ang Banu al-Nadir hanggang sa ang huli'y pumayag na lamang umalis ng Madinah. Isang magkatulad na pagtatangka ang ginawa ng mga Hudyo ng Banu Qaynuqa matapos bumalik ang mga Muslim mula sa digmaan sa Badr na humantong sa pagpapalayas din sa kanila sa Madinah.

Noong ikalimang taon pagkatapos ng paglikas, nagpasiya ang mga Arabo mula sa tribo ng Banu al-Mustalaq na lusubin ang mga Muslim. Ang tribong ito ay naninirahan mga 100 kilometro sa may hilaga ng Makkah. Sila'y kaanib ng mga taga-Makkah at sumama sa digmaan sa Uhud. Kilala ang tribong ito sa mga paganong Arabo dahil sila ang may tangan ng isa sa mga rebulto na ang tawag ay Manah. Nagpasiya ang Propeta~~ﷺ~~ na unahan sila sa paglusob na kung saan naging matagumpay ang mga Muslim. Ang digmaang ito ay nagbigay na muli sa mandirigmang Muslim ng pagsaalang-alang sa Arabia.

Dahil dito, kumilos ang mga taga-Makkah na tawaging lahat ang mga tribo ng Arabia upang sumama sa kanila sa isang tiyak na paglusob sa mga Muslim sa Madinah at bigyan na ng kawakasan ang mga Muslim. Nakayanan nilang tipunin ang isang napakalaking hukbo na kanilang minimithi. Ang iba't ibang tribo ay nagkaisa lamang dahil sa kanilang pagkahaling sa idolatriya, at sila'y sumpung ulti ang dami kaysa sa mga naunang mandirigma na kanilang ipinadala sa Badr.

Natutuhan ng mga Muslim sa digmaan sa Uhud na ang kanilang kagalakan na nagtulak sa kanila na salubungin ang kalaban ay hindi nakapagbigay-kabutihan sa kanila, kaya nagpasiya silang manatili sa Madinah at makinabang sa mga bundok na nakapaligid dito. Nakalantad lamang ang lunsod ng Madinah sa isang panig kaya ipinasiya ng mga Muslim na humukay ng kanal sa pagitan ng bundok sa dakong yaon upang ganap na patibayin ang tanggulan ng lunsod. Ang lahat kasama na ang Propeta ﷺ ay nagtulong-tulong sa paghukay ng kanal at ito'y natapos sa isang kamanghang-manghang maikling panahon.

Ang sumunod na digmaan ay kilala bilang “Digmaan sa Kanal”, o di kaya'y “Digmaan ng mga Tribong Magkaanib”. Di inaasahan ng mga magkaanib na tribo ang pagkakaroon ng kanal. Sa tuwinang tatawid sa kanal ang alinman sa kanila, sila'y napi-pilitang umatras dahil sa umuulang palaso mula sa mga mama-manang Muslim. Sa kabilanito, patuloy ang pagkubkob ng mga paganong Arabo sa Madinah sa loob ng 24 araw. Sa panahong ito'y dumanas ng matinding gutom ang mga Muslim, at higit na malubhang suliranin ang pagsira sa kasunduan at paghihimagsik ng natitirang tribo ng Hudyo sa loob ng Madinah - ang Banu Qurayzah. Nagpasiyang makilaban ang mga Hudyong ito mula sa kanilang kuta sa loob na rin ng tanggulan ng Madinah. Tinangka rin nilang mapadali ang pagpasok ng mga pagano mula sa kanilang kinaroroonian, isang hakbang ng pagtataksil upang lipulin lahat ang mga Muslim sa Madinah.

Nanatiling matatag ang mga Muslim at ibinigay ang kanilang kasasapitan sa Diyos. Sa bandang huli'y nanghina sa paglusob ang mga mandirigmang paganong Arabe, lalo na't kinailangan nilang tiisin ang napakasamang panahon. Nasira ang kanilang pagkakaisa at ang mga tribo'y isa-isang lumisan upang umuwi. Ang mga taga-Makkah ay kabilang sa mga tribong huling lumisan.

Sa kabilang kahigtan ng kalaban, ang mga Muslim ay nagtagumpay. Naipakita sa mga taga-Makkah na hindi nila kayang talunin ang mga Muslim. Ang tanging natitirang gagawin nila ay harapin ang tribong Banu Quraysah. Ang tribong ito'y pinutol ang kanilang kasunduan sa mga Muslim sa isang kasuklam-suklam na paraang maaaring gawin. Sadyang maliwanag na sila'y napakamapanganib na babalang dapat harapin ng mga Muslim dahil sa paninirahan na rin ng mga Hudyo sa loob ng Madinah.

Nilusob ng mga Muslim ang kuta ng Banu Qurayzah sa loob ng 25 araw hanggang sila ay sumuko. Sumang-ayon din sila na hayaan ang isang tao na dati nilang kaanib at may kasunduan sa kanila na humatol sa kanilang kalagayan. Inaakala nilang ang taong ito, si Sa'd b. Mu'adh, ay magpapakita ng habag sa kanila nang higit sa kaninuman. Subali't kanyang ipinataw ang takdang parusa sa kanilang pagtataksil ayon na rin sa sarili nilang batas na kanilang tangan. Kanyang ipinasiya na ang lahat ng lalaking may kakayahan humawak ng sandata ay dapat patayin, at ang mga kababaihan at mga bata ay dapat kuning mga bihag. Sa kabuuan, mga 400 lalaki ang namatay sa paghatol ni Sa'd na sila mismo ang pumili sa kanya upang sila'y hatulan.

Hindi kataka-taka na ang mga Hudyo ay tumutol sa hatol na ito. Sadyang kaunti sa mga kriminal ang nasisiyahan sa anumang parusang iginawad sa kanila kahit gaano pa makatarungan ang parusa. Ang usapin ay nagiging higit na malubha kung ang magkabilang panig ay magkalaban. Ang higit na kataka-taka, may mga taong matatalino na nagbigay ng pagtutol sa pangyayari sa kabilang nasasaad sa Torah hinggil sa mga digmaan ng mga Propeta, na maraming taong namatay sa kanilang kamay kabilang na rito ang mga kababaihan at mga bata. Ito ay patuloy nilang

binibigyang-katarungan sa panahon ng digmaan ayon na rin sa makabagong kasaysayan natin ngayon.

Isang taon pagkaraan ng digmaan sa Badr, ang Propeta ﷺ kasama ng 1400 na Muslim ay naglakbay patungo sa Makkah na may layuning magsagawa ng peregrinasyon. Nang malaman ito ng mga taga-Makkah, itinuring nilang isang pang-iinsulto ito at isang karahasan upang maliitin sila lalo na't natamo nila ang kahiya-hiyang pagkatalo sa digmaan noong nakaraang taon. Kaalinsabay nito, batid nila ang katotohanang wala silang karapatang pigilin ang sinumang tao sa pagtungo sa Banal na Tahanan, at batid din nilang tututol ang ibang Arabe kung sakali mang gawin nila ito.

Nang marating ng mga Muslim ang Hudaybiyah, mga 22 kilometro ang layo sa Makkah, pinagbawalan sila ng mga taga-Makkah na pumasok sa lungsod, magkagayunman, gumawa sila ng kasunduan sa Propeta ﷺ. Ito ang kauna-unahang pagkakataon sa mga taga-Makkah na magbigay ng hayagang pagkilala sa pananatili ng mga Muslim sa Arabia. Ang kasalukuyang pang-yayari ay nagtulak sa kanila upang magpasimula ng kasunduan bagaman tumanggi silang makipag-ayos noong nakalipas na panahon.

Higit na nasiyahan ang Propeta ﷺ sa kasunduang ito, at ikinasiya rin niyang nasugatan ang dangal at pangalan ng mga taga-Makkah dahil sa pakikipag-ayos sa kanya. Magkagayo'y tinanggap niya ang kasunduan bagaman may mga saligang tila napakalupit sa mga Muslim. Sa katunayan, ito ay isang tagumpay at aral sa mga Muslim sa dahilang binago nito ang pag-aakalang malakas ang mga di-nananampalataya, at tagumpay na masasabi dahil binuksan nito ang landas sa malayang paghahatid ng Islam. Ginamit ng Propeta ﷺ ang pagkakataong ito upang magkaroon ng malawakang pagpapalaganap ng Mensahe ng Islam. Sa mga panahon ding ito, kanyang inanyayahan sa Islam maging ang mga hari sa iba't ibang bansa.

Sa ikawalong-taon makaraan ang paglikas mula sa Makkah, nagsimula ang mga Romano na tipunin ang kanilang mandirigma sa kanilang mga nasasakupang mga lugar sa Arabia na kilala ngayon bilang Syria at Jordan--- na nagpakita ng pagkapoot sa mga Muslim. Bumuo ang Propeta<sup>ﷺ</sup> ng isang puwersang may 3,000 katao sa pamumuno ni Usamah bin Zayd upang harapin ang bagong pagbabantang ito. Ang dalawang hukbo ay nagkaharap sa Mu'tah na nasa timog ng Jordan. Ang pinagsamang puwersa ng mga Romano at ang kanilang kaanib na mga Arabo ay umabot sa 200,000 mandirigma laban sa 3,000 na mga Muslim. Matapos mamatay ang tatlong heneral, ang pamumuno ng mga Muslim ay ipinagpatuloy ni Khalid bin Walid. Nakita niyang malilipol lamang ang mga Muslim kung patuloy silang haharap sa kaaway. Mahusay niyang pina-atras ang mga Muslim na tila isang pain sa mga kalaban, na animo'y may karagdagan silang mga sundalong nakaabang sa paghabol na maaaring gawin ng mga kalaban. Dahil dito, hindi na sila tinugis ng mga kalaban. Ang mga Muslim na nalagasan lamang ng ilan ay nakabalik mula sa isang nagbabantang pagkatalo.

Sa huling buwan ng taon ding ito, sinira ng mga taga-Makkah ang kanilang kasunduan sa mga Muslim sa pamamagitan ng pagtulong sa kanilang kaanib sa pagsalakay sa isang tribong kakampi ng mga Muslim. Karagdagan nito, hindi man lamang sila nagsikap na makipag-ayos at papanumbalikin ang kasunduan. At saka lamang sila nakipag-ayos pagkaraang lumipas ang mahabang panahon nang malaman nilang nagtipon ng malaking puwersa ang mga Muslim laban sa kanila.

Nakapagtalon ng 10,000 mandirigma ang Propeta<sup>ﷺ</sup>, na nagpapakitang maraming tao ang pumasok sa Islam mula nang magkaroon ng kasunduan sa Hudaybiyah. Nagawa niyang ikubli sa mga taga-Makkah kung gaano ang dami ng mga mandirigma. Nang malaman ng mga taga-Makkah na parating na sa kanila ang mga mandirigma, nakiusap silang papanumbalikin ang kasunduan. Ang ilan sa kanila ay lumapit at ipinahayag ang kanilang pagyakap sa Islam.

Nang sumapit ang Propeta at ang kanyang hukbo sa labasan ng Makkah, nagpadala siya ng mensahe na hindi niya gagalawin ang sinumang hindi sumalakay sa kanila. Kanyang ipinahayag na sinumang pumasok sa kanilang bahay, sa masjid, o sa bahay ni Abu Sufyan ay ligtas. Si Abu Sufyan ang siyang pinuno noon ng mga Quraish.

Noong 630 AD, pumasok ang Propeta<sup>ﷺ</sup> kasama ng kanyang hukbo sa Makkah nang halos walang anumang pagtatanggol. Hindi niya pinasok ang Makkah bilang isang mananakop, bagkus pumasok siya nang may buong kababaang-loob na nakatungo ang kanyang ulo. Kanyang ipinahayag na ang lahat ng labanan ay dapat itigil. Tumayo siya sa harapan ng Banal na Tahanan sa gitna ng kanyang mga kalaban sa loob ng dalawampung taon, na lahat sila'y takot sa matatanggap na paghihiganti. Siya<sup>ﷺ</sup> ay nagsabi sa kanila: “Ano ang inaasahan ninyong gagawin ko sa inyo?” Sila'y sumagot nang may pagkatakot at pagkabalisa: “Kabutihan. Ikaw ay isang dakilang kapatid at ang anak ng isang marangal na kapatid”.

Siya'y sumagot: “Walang paninisi (o panunumbat) sa inyo sa araw na ito. Nawa'y patawarin kayong lahat ng Diyos”.

Ito ang mga digmaan ng Propeta<sup>ﷺ</sup>. Hindi nila isinagawa ito dahil sa paghihiganti o pang-aalipin o kaya'y sirain ang kalooban ng tao. Hindi nangyari ang mga ito upang makamtan ang makamundong bagay. Kung tinugon lamang niya nang magkatalad ang ginawang pagmamalupit ng mga taga-Makkah, magiging makatwiran pa rin ito. Subali't higit na ninais ng Propeta<sup>ﷺ</sup> ang kahinahunan.

Bumalik ang Propeta<sup>ﷺ</sup> sa Madinah at nagpatuloy siya sa paghatid ng Mensahe ng kanyang Panginoon. Siya'y yumao noong ika-siyam ng Hunyo, 632 AD sa edad na animnapu't tatlong taon. Ginugol niya ang huling dalawampu't tatlong taon ng kanyang buhay sa pagtawag sa tao sa Islam.

## **Mga Ilang Katibayan sa Pagiging Sugo ni Muhammad ﷺ**

Dumating ang lahat ng Propeta nang may tanda at katibayang iginawad ng Diyos bilang patunay ng kanilang pagiging Sugo ng Diyos. Ang ilan sa mga tanda ay mga himalang nasaksihan ng tao na sadyang kakaiba sa karaniwang takbo ng kalikasan.

Kadalasan, nararanasan lamang ang mga himala ng mga taong naroroon nang ito'y tunay na nangyari. Gayunman, binigyan ng Diyos si Propeta Muhammad ﷺ ng isang himala na mananatili magpakailanman. Ang himalang ito ay ang Qur'an. Nararapat lamang magkaroon ang huling Sugo ng isang himalang mananatili sa dahilang ang kanyang Mensahe ay saklaw ang lahat ng nilikha hanggang sa Huling Araw.

Ang Qur'an ay pawang mga ipinahayag na Salita ng Diyos na Kanyang iningatan laban sa anumang pagbabago. Matutunghayan sa Qur'an: *Katotohanan, ipinahayag Namin ang Paalaala (Qur'an) at katiyakang pangangalagaan Namin ito.* (Qur'an-Al Hijr-15:9) Gayundin, *Walang anumang kasinungalingan ang makalalapit dito noon at magpakailanman. Ipinadala ito ng Isang Tigib Ng Kaalaman, Karapat-dapat Purihin.* (Qur'an-Fussilat-41:42)

Mababasa sa Qur'an na hinahamon ng Diyos ang mga Arabo na gumawa ng katulad nito: *Sabihin (mo O Muhammad): 'Kung ang lahat ng sangkatauhan at ang mga Jinn ay magkasama-sama upang gumawa ng katulad ng Qur'an, hindi sila makakakatha ng katulad nito, kahit na sila'y magtulungan pa sa isa't isa.* (Qur'an-Al-Isra-17:88)

Bilang pagpapatunay na hindi mapaparisan ng tao ang Qur'an, ang hamon ay humantong na lamang sa pagkatha ng isang kabanata sa halip ng buong Qur'an: *At kung kayo ay may alinlangan tungkol sa Aming ipinadala sa Aming alipin, magkagayo'y kumatha ng isang kabanatang katulad nito, at tawagin ang inyong mga saksi liban sa Allah kung kayo nga ay makatotohanan. At kung hindi ninyo kayang gawin ito, at*

*kailanman hindi ninyo ito magagawa, magkagayo'y matakot sa Apoy na ang panggatong ay mga tao at bato, inihanda sa mga di-nananampalataya. (Qur'an-Al Baqarah-2:23-24)*

Ito ang walang-hanggang himala ng Islam. Nananatiling bukas ang hamon at hindi pa nagagawa hanggang sa araw na ito. Maraming himala at di-mapaparisang mga bahagi ng Qur'an. Kabilang na rito ang kagalingan at pamamaraan.

Ibinigay sa mga Arabo ang hamong ito at sila'y dalubhasa sa sarili nilang wika, at kilalang-kilala sa kanilang kahusayan sa pananalita. Subali't ni isa sa kanila ay hindi makagawa ng isang kabanatang maihahambing sa Qur'an.

Muli naming ipinararating ang hamong ito sa lahat ng sangkatauhan. Nanatili ang hamong ito sa loob ng 14 siglo (1,400 taon) at magpapatuloy bilang isang katibayan ng katotohanan ng Qur'an at ang Sugong nagdala nito. Ang mga kaaway ng Islam ay lagi nang may ganap na pagkakataon sa hamong ito upang patunayan na ang Islam ay walang katotohanan. Nguni't bakit hindi nila isinasagawa ito? Higit sanang madali sa kanila ang kumuha ng panulat at papel kaysa humawak ng patalim at mamatay sa pagsusumikap ng sugpuin ang Islam. Higit sanang matipid kaysa sa panahon at salaping ginugugol nila sa kanilang pakikipaglaban sa Islam.

Aming nadaramang nagawa na namin ang aming tungkulin sa pamamagitan ng paghahatid nitong hamon. Magiging isang tungkulin sa sinumang nakarinig nito na pakinggan ang kabuuan nito at huwag umasa sa mga impormasyong nanggagaling sa mga di-nananampalataya, bagkus makipag-ugnayan nang tuwiran sa pinananaligang pinagmumulan nito.

Isa pang katibayan na si Muhammad ﷺ ay Sugo ng Diyos ay batay sa lakas ng relihiyong ipinadala sa kanya, at ang katotohanang napanatili ito laban sa anumang pagbabago: pagbabawas, pagpalit at pagdaragdag. Makikita natin ang lahat ng aralin ng mga paham at pantas na umusbong sa paligid nito sa maraming taon at

kung papaano nakayanang sagutin ng Islam ang mga pagbabago na nangyari sa buong kasaysayan. Pinanatili ng Islam ang lakas nito habang ang sambayanang Muslim ay dumaan sa mga katayuan ng kalakasan at kahinaan, at maging sa panahon ng kalayaan at pananakop.

Kabilang pa rin sa mga katibayan na si Muhammad ﷺ ay Sugo ng Diyos ay ang katotohanan ng kanyang pagdating ay binanggit ng mga Propetang nauna sa kanya. Siya, sampo ng kanyang mga kasama, ay inilarawan sa kanilang mga aklat at mga pahayag. At tinuran pa rin ang kanyang pangalan. Ang Qur'an ay nagpahayag nitong katotohanan sa mga sumusunod na talata :

*At nang sabihin ni Hesus, ang anak ni Maria: " O Angkan ni Israel! Masdan ! Ako ay Sugo ng Diyos sa inyo, pinatotohanan ang mga ipinahayag na nauna na nasa Torah, at nagdadala ng magandang balita ng isang Sugo na darating pagkaraan ko, na ang pangalan ay 'Ahmad'. Gayunman, nang dumating siya sa kanila na may dalang maliliwanag na tanda, sila'y nagsipagsabi: Ito ay isang salamangka lamang. (Qur'an-As-Saff-61:6)*

*Silang sumusunod sa Sugo, ang Propetang hindi marunong bumasa, ni sumulat, na kanilang matatagpuan binanggit sa Torah at Ebanghelyo na tangan nila. Kanyang ipag-uutos sa kanila ang mabuti at ipagbabawal ang masama. Pahihintulutan sa kanila ang lahat ng mabuti at ipagbabawal sa kanila ang lahat ng malaswa; palalayain sila sa kanilang mga pasanin at sa mga tanikalang dati nilang suot. At yaong maniwala sa kanya, at gumarang sa kanya, at tulungan siya, at sundin ang liwanag na ipinadala sa kanya: sila yaong magtagumpay'.(Qur'an-Al-A'raf-7:157)*

Sa kabilang mga paglihis, pagsira at pagbabagong ginawa ng mga Rabbi na Hudyo at mga paring Kristiyano sa kanilang mga Kasulatan, at sa kabilang maling pagbibigay kahulugan na kanilang iginiiit sa mga ito, mayroon pa ring natitira sa loob ng mga tekstong ito ng sapat na katibayan sa pagiging Propeta ni Muhammad ﷺ. Upang bigyang-linaw ang ilang lugar sa kanilang teksto na sinasabi ang kanyang pagdating, hinihingi namin sa

inyong tingnan ang mga sumusunod: **Deuteronomy- 18:18-19** (*Hinggil ito sa isang Propetang darating na katulad ni Moises na magmumula sa kanilang mga 'kapatid'*). Si Moises ay nagsimula sa angkan ni Isaac, kaya naman ang darating na Propeta ay manggagaling sa 'kapatid' ni Isaac na si Ismael, ang ninuno ni Propeta Muhammad<sup>ﷺ</sup>), **Isaiah-29:12** (*Tungkol ito sa isang Propetang darating na hindi marunong bumasa. Si Propeta Muhammad<sup>ﷺ</sup> ay hindi marunong bumasa at sumulat*), **Juan-1:20-21** (*Nauukol ito sa sinabi ni Juan Bautista na hindi siya ang Kristo, ni hindi siya si Elijah at ni hindi siya ang "Propeta". Ang "Propetang" hinihintay ng mga Hudyo ay si Propeta Muhammad<sup>ﷺ</sup>*), **Juan-14:25-26** (*Tungkol ito sa sinabi ni Hesus na sa pagdating ng "Paraklete" [Tagapayo] ituturo niya ang lahat. Si Propeta Muhammad<sup>ﷺ</sup> ay dumating na dala ang kabuuang pananampalatayang pagsuko sa kalooban ng Diyos*), **Juan-16:7** (*Hinggil ito sa sinabi ni Hesus na kung hindi siya aalis hindi darating ang Tagapayo. Walang ibang dumating pagkaraan ni Hesus maliban kay Propeta Muhammad<sup>ﷺ</sup>*). Suriin ding mabuti ang mga sumusunod na talata: **Haggai-2:9** (*Nauukol ito sa kasalukuyang Tahanan ng Diyos [Makkah] na ang kaluwalhatian ay naka-higuit sa dating Tahanan [Jerusalem]. Deuteronomy -33:2* (*Tungkol ito sa bundok ng Paran [Makkah] na may darating na may kasamang 10,000 mga banal. Bumalik si Propeta Muhammad<sup>ﷺ</sup> sa Makkah kasama ang 10,000 mandirigma upang gawing dalisay ang Kaaba sa tanging pagsamba sa Dakilang Lumikha*).

Isa pang patunay na si Muhammad<sup>ﷺ</sup> ay isang Propeta ng Diyos ay ang kasaysayan ng kanyang misyon, ang mga pangyayari sa kanyang buhay, ang tagumpay ng kanyang mga tagasunod, at kung papaano mabilis na lumaganap ang Islam sa mga bansa sa buong mundo.

Ang mga katangian ni Propeta Muhammad<sup>ﷺ</sup> at ang kanyang asal ay nagpapakita sa atin na siya'y tunay na Propeta ng Diyos. Siya ay isang taong huwaran sa bawa't aspeto ng kanyang ugali, at ang buong kasaysayan ng tao ay hindi nakakita ng katulad niya.

Laging makisig ang kanyang anyo at laging malinis sa kanyang pananamit, at higit niyang nais magbibis ng kulay puti. Siya ay malinis at inuutusan niya ang ibang maging malinis. Mabini ang kanyang pag-uugali at siya'y mahusay sa pananalita. Siya'y magiliw at laging binabati ang tao nang may ngiti sa labi. Yaong nakaharap niya'y kaagad na nawiwili sa kanya, at hindi sila

napapagod sa pagsama sa kanya o sa pakikipag-usap sa kanya. Sa katunayan, yaong mga kapiling niya'y nalilimitan ang lahat sa mundo habang sila'y kasama niya. Tigib silang mapitagan kapag kaharap siya, hindi sa dahilang siya ay isang makapangyarihang katulad ng hari o pinunong malupit, bagkus dahil sa lakas ng kanyang personalidad at debosyon sa Diyos.

Ang isa sa lantad niyang katangian ay ang kanyang kakayahan sa pagbibigay habag. Mayroon siyang marubdob na pagmamahal at malasakit sa mga dukha, at higit niyang ninanais na maupo at makihalubilo sa pagkain sa kanila. Mayroon siyang malaking pagmamalasakit sa mga may-sakit, at gagawin niya ang lahat upang matulungan sila. Hindi niya iiwanan ang mga may-sakit na nangangailangan hangga't hindi niya naibibigay ang kailangan nila. Nagpakita siya ng habag sa mga ulila at hinihimok niya ang mamamayan na alagaan sila. Mayroon siyang marubdob na pagmamahal sa mga bata at madalas na kinakarga ang mga sanggol at pinatatawa sila. Tinuruan niya ang kanyang mga tagasunod na may karapatan ang mga batang maglaro at maging masigla.

Sakop din ng kanyang habag ang mga hayop. Ipinag-utos niya sa kanyang mga tagasunod na maging mabait sa mga hayop na nasa kanilang pangangalaga at ipinagbawal na magmalabis sa kanila. Kanyang ipinag-utos na katayin nang may pag-iingat at pagdamay ang mga hayop na gagamitin bilang pagkain. Pinagsabihan niya ang isang taong labis magkarga ng kagamitan sa kanyang kamelyo at sa kakulangan niya ng lingap sa pagbibigay ng sapat na pagkain dito. Kanya ring isinalaysay na may isang ginang na napasok sa Impierno dahil sa pagmamalupit sa kanyang pusa. Ikinulong niya ito at pinagkaitan ng pagkain hanggang sa ito'y mamatay sa gutom. Sa kabilang dako naman, isang babaing mababa ang lipad ang ginawaran ng pagpapatawad ng Diyos at ipinasok sa Paraiso dahil sa pagpapakita niya ng habag sa isang nauuhaw na aso at binigyan niya ito ng tubig. Minsa'y tinanong siya kung ang pagiging mabait sa hayop ay may makakamtang gantimpala. Ang Propeta<sup>24</sup> ay nagsabi: "*May gantimpala (ang pagbibigay habag) sa lahat ng nilikhang may atay.*"

Karagdagan sa kanyang habag ay ang kanyang angking katapangan. Si Propeta Muhammad ﷺ ay kabilang sa mga napakatapang na tao. Ang kanya'y hindi tapang ng isang mapang-api, bagkus isang katapangang nagmumula sa pananalig sa pangako ng Diyos. Isang katapangan ng isang taong nabubuhay ayon sa relihiyon ng Diyos at itinuturing ang kasiyahan ng Diyos ay higit na mahalaga kaysa sa mismong buhay. Lagi siyang naroroon sa lugar ng labanan sa panahon ng digmaan, at kapag mahigpit na ang labanan, makikita siyang nasa unang hanay. Nanatili siyang matatag kahit na ang ibang matatapang ay nagsipagtalikod.

Wala siyang atubili sa pagharap laban sa kasinungalingan, at hindi kailanman tumigil sa pag-anyaya tungo sa katotohanan kahit na ang maraming tao ay laban sa kanya. Hindi kailanman siya nanghina sa kanyang simulain, bagkus nagpatuloy sa pag-uutos sa kabutihan at pagbabawal sa kasamaan.

Siya'y mapagpatawad din sa mga gumawa ng kamalian sa kanya. Bagaman malaki ang ginawang kasalanan sa kanya noong siya ay mahina, ipinakita pa rin niya ang pagpapatawad nang siya'y nasa makapangyarihang katayuan. Nagpapaumanhin siya kahit alam niya na ang humihingi ng paumanhin ay nagdadahilan lamang. Binibigyan ding paumanhin yaong nagkasala sa kanya kahit hindi humingi ng pagpapaumanhin sa kanya.

Siya ang pinakamatulungan sa kapuwa. Nagbibigay siya sa kawanggawa katulad ng isang taong walang takot maghikahos. Hindi kailanman siya tumangging magbigay sa humihingi. Ibini-bigay ang lahat ng kanyang hawak sa mga pulubi at nangangailangan. Higit niyang iniisip ang kanyang mga panauhin kaysa sa kanyang sarili at pamilya. Kalimitang sapat na sa kanila ang kumain ng mga bunga ng datiles at tubig. Maraming buwan ang lumilipas na walang pagluluto sa loob ng kanilang bahay.

Gayundin, siya ang pinakahuwarang asawa. Siya ay napakagiliw at malingap. Daglian niyang inihiwasan ang pagpuna sa mga pagkakamali ng iba. Kailanma'y hindi siya nanakit sa kanyang mga

asawa, ni pagtaasan sila ng bosses o kutyain sila. Lagi siyang nag-papakita ng kabaitan. Nagbibigay sa kanila ng layaw sa anumang bagay na hindi masama. Tumutulong siya sa gawaing bahay, inaasikaso ang sarili, at sinusulsihan ang sariling damit at sapatos. Lagi niyang ipinag-uutos sa kanyang mga tagasunod na maging mabuti sa kanilang mga asawa, at pinaalalahanan sila laban sa pagmamalupit sa kanila. Kanyang binigyan ng katiyakan ang paalaalang ito sa kanyang huling sermon sa kanyang pamamaalam na peregrinasyon.

Si Propeta Muhammad<sup>ﷺ</sup> ay mabait sa kanyang mga katulong. Kanyang ipinag-utos sa kanyang mga tagasunod na huwag bigyan ng labis na gawain ang kanilang mga katulong. Ipinag-utos din sa kanila na ipakain sa katulong kung ano ang kinakain nila, at damitan sila katulad ng uri ng kanilang pananamit. Si Anas bin Malik ay nagsabi : “Nanilbihan ako bilang katulong ng Propeta<sup>ﷺ</sup> sa kanilang tahanan at maging sa kanyang paglalakbay. Kahit anuman ang aking nagawa, ni minsya'y hindi siya nagsabi sa akin, ‘Bakit mo ginawa iyon ?’ Gayundin, kung mayroon naman akong nakaligtaang gawin, kailanma'y hindi siya nagsabi, ‘Bakit hindi mo ginawa iyon ?’

Minsan, nakita ng Propeta<sup>ﷺ</sup> ang isang taong sinasaktan ang kanyang alipin. Siya ay nagsabi : ‘Higit na may kakayahang mag-pataw ng parusa ang Diyos kaysa sa iyo na nagpaparusa sa kanya.’ Ang tao ay nagsabi : ‘Palalayain ko siya alang-alang sa Diyos.’ Pagkaraan nito'y sinabi ng Propeta<sup>ﷺ</sup> : ‘Kung hindi mo siya pinatalay, nasaling ka na ng Apoy.’

Labis na kimi at mabini ang Propeta<sup>ﷺ</sup>. Kinasusuklaman niya ang mahahalay na usapan. Kailanma'y hindi namutawi sa kanyang mga labi ang magagaspang na salita. Kanyang sinabi: “Ang tamang pagkamahiayin (pagkamabini) ay isang magandang katangian”. Kanya ring sinabi: “Walang maidudulot ang tamang pagkamahiayin (pagkamabini) kundi kabutihan”.

Labis din siyang mapagpakumbaba. Tinuruan niya ang kanyang mga tagasunod: “Walang makapapasok sa Paraiso kung may kabutil na pagmamalaki sa kanyang puso”. Lagi siyang umuupo sa sahig upang kumain. Pinagbawalan niya ang kanyang mga kasama na tumindig bilang paggalang sa kanyang pagdating. Sa kanyang paglalakad, hindi siya umaasang bibigyan siya ng puwang sa kanyang daraanan. Hindi niya hinayaan ang kanyang pananamit o ang kanyang kabayo na magbukod-tangi. Kailanma'y hindi siya umupo sa isang marangal na lugar kapag kasalamuha niya ang iba.

Ang pinakaituktuk ng lahat ng mga katangian niya ay ang kanyang debosyon sa Diyos. Buong taimtim niyang itinuon ang kanyang sarili sa pagsamba, at iniwasan ang mga karangyaan sa mundo. Laging namumutawi sa kanyang mga labi ang paggunita at pagpupuri sa Diyos. Siya'y laging humihingi ng kapatawaran sa kanyang Panginoon. Ang kanyang pitagan sa Diyos ang sanhi ng madalas niyang pagluha. Lagi siyang nag-aayuno na tila walang araw ang lilipas na hindi siya nag-ayuno. Ginugugol niya ang mahabang gabi sa pagtindig sa panalangin hanggang sa mamaga ang kanyang mga bukung-bukong. Nang siya'y tanungin kung bakit labis ang kanyang pagsamba samantalang pinatawad na ng Diyos ang kanyang mga kasalanan maging nakaraan man o hinaharap, siya'y sumagot: “Hindi pa ba sapat iyon upang ako'y maging isang mapagpasalamat na alipin?”

Ito ay ilan lamang sa kanyang mga napakagandang katangian. Ang pinaghalong makamundo at espiritual na kasakdalhan na kanyang ipinakita ay isang himala na rin, at isang katibayan sa katotohanan ng kanyang pagiging Propeta ng Diyos.

### **Pangwakas**

Ang aming iniharap sa inyo ay isa lamang napakaikling ulat tungkol kay Propeta Muhammad $\ddot{\text{s}}$  at ang buhay na kanyang pinangunahan. Ito ang aming ninanais na iparating sa daigdig. Magtataka marahil ang maraming tao kung bakit hindi nila nalaman ang bagay na ito tungkol kay Propeta Muhammad $\ddot{\text{s}}$  bago

nila nabasa ito. Isang dahilan ay ang pagpapabaya ng mga Muslim sa kanilang tungkuling ipalaganap ang Mensahe. Gayundin, ang pagkakaroon ng mga taong nagnanais ikubli ang katotohanang ito sa tao---ginagawa ang lahat upang magbigay ng maling impormasyon sa kanila, at ilayo sila sa katotohanan.

Nais naming ipaalaala na kabilang sa mga balakid na humahadlang sa tao sa pagtanggap ng katotohanan ang pagturing sa mga kinagisnang tradisyon at kaugalian bilang mga sagrado, ang pagkapanatiko (bulag na pagsunod), at ang walang kakayahang tumanggap ng kamalian. Kailangan tayong maging matuwid sa ating pagpapasiya at maging malaya sa mga maling haka-haka.

Dapat din nating malaman na ang ating mga walang-kabuluhang pagnanasa at ang paghahangad ng kasiyahan ay makapaglalayo din sa atin sa katotohanan o kaya'y maghahatid sa kalagayang pagtutol sa pagtanggap nito. Dapat nating isipin na hindi tayo nilikha ng Diyos nang walang kapararanan. Batid Niya ang makabubuti sa atin, kaya naman ipinadala Niya sa atin ang Islam (*Pagsunod sa kalooban ng Dakilang Lumikha*) na siyang tanging paraan upang makamtan ang tunay na katotohanan at walang hanggang kaligayahan.

Sinumang nagnanais makamtan ang tunay na tagumpay ay dapat niyang isaalang-alang nang mabuti ang nakasulat dito at maging makatarungan. Tinitiyak namin na sinumang mag-aryl nang mabuti tungkol dito at hingin ang patnubay ng Diyos upang malampasan ang lahat ng mga balakid, mararating niya ang katotohanan, at tatanggapin niya ito sa pagpapala ng Diyos.

Sinumang yumakap sa Islam, kahit ano pa ang kanyang lahi, o saan mang bansa galing, ay dapat tumulong sa paghahatid ng Mensahe sa sangkatauhan.

*It is a clear message for humanity to spread the knowledge and to inform them, and to let them know that He is the Tanging Nag-iisang Diyos, and that those who are in darkness are blind.* (Qur'an-Ibrahim-14:52)

Maraming salamat po. Nawa'y patnubayan kayo ng Allah sa tuwid na landas, Amen.

*Ang sulat na ito ay hinango sa isang lathala mula sa [www.icsfp](http://www.icsfp) (International Committee for the Support of the Final Prophet)*

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Islam, makipag-ugnayan sa:

ISCAG-Philippines  
(Islamic Studies, Call & Guidance of the Philippines)  
Salitran-1, Dasmariñas, Cavite  
Tel.No. (046) 416-3371; Fax.No. (046) 506-1451



طبع بواسطة  
**مركز العناية بال المسلمين الجدد**  
تحت إشراف وزارة الشؤون الإسلامية والأوقاف والدعوة والإرشاد

**Care Center for New Muslims**

الرياض صناعية الدائري مخرج 18  
هاتف : 2423001 — ناسوخ : 2423001  
ص . ب 11561 الرياض 43339

website: [www.newmuslimguide.com](http://www.newmuslimguide.com)  
email: [info@newmuslimguide.com](mailto:info@newmuslimguide.com)

# رسالة مفتوحة لك

باللغة الفلبينية (تجالوج)

تأليف: خالد إيفريستو

*Maria* "Ina ni Jesus"  
Ang Iskilaing Dahon ng Langit at Lupa



Ahmad Ihsan Sulvi

مريم  
Maryam

ANG KAHULUGAN NG  
LA HAAHA MALLAH



Sheikh Ahmad M. Al-Faizan

PAMBUNGAD SA TAMANG  
PATNUBAY



Khalid Evanson

كتاب حكم الله  
كتاب حكم الله



AS-SALAAH

» Ang Pagdorasal sa Islam



Khalid Evanson

كتاب الصلاة



كتابنا قوله  
كتابنا قوله

”فقهوا أحكام في دينه وأقرؤوه القرآن..”



## مركز العناية بالمسالمين الجديد

تحت إشراف وزارة الشؤون الإسلامية والأوقاف والدعوة والإرشاد

هاتف : ٢٤٢٣٠٠٨ فاكس : ٢٤٢٣٠٠١١ ص.ب ٤٣٣٩ الرياض ١١٥٦١

حساب المركز لدى مصرف الراجحي: ٢١٦٦٠٨٠١٠١١١٥١

[www.newmuslimguide.com](http://www.newmuslimguide.com)